

Ang mga serbisyo para sa Pagbabago ng Sasakyan ay makukuha sa mga sumusunod na Serbisyong Nakabatay sa Tahanan at Komunidad.

Mga Waiver

Antas ng Pangangalaga ng Pasilidad para sa Katamtamang Pangangalaga

- Waiver ng Suporta sa Pamilya o (FSW).
- Waiver para sa Araw ng Matanda ng mga Kapansanan sa Pag-unlad (DDAD).
- Komprehensibong Waiver para sa mga Kapansanan sa Pag-unlad (CDD)

Antas ng Pangangalaga sa Pasilidad na nagbibigay ng Pangangalaga

- Pahintulot para sa Traumatic Brain Injury (TBI)
- Waiver ng HCBS para sa May-edad at Nasa hustong gulang at mga Batang may Kapansanan (AD)



Ang impormasyon ng Pagbabago ng Sasakyan ay makikita sa Nebraska Administrative Code:

- Titulo 403 Mga Kabanata 4, 5 at 6 ng NAC
- Titulo 480 Mga Kabanata 5 at 6 ng NAC

Para sa karagdagang impormasyon bisitahin:

<https://dhhs.ne.gov/>



Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Nebraska

Dibisyon ng may Kapansanan sa Pag-unlad

NEBRASKA
Good Life. Great Mission.
DEPT. OF HEALTH AND HUMAN SERVICES

Sasakyan
Mga Pagbabago



Ano ang Pagbabago sa Sasakyan?

Ang mga pagbabago sa sasakyan ay mga pag-aangkop o mga pagbabago sa isang sasakyan o kotse na siyang pangunahing paraan ng transportasyon ng kalahok upang matugunan ang natatanging pangangailangan ng kalahok. Ang mga pagbabago sa sasakyan ay tinukoy sa plano ng serbisyo upang ang kalahok ay mas ganap na maisama sa komunidad at upang matiyak ang kalusugan, kapakanan, at kaligtasan ng kalahok.

Ang HCBS waivers ay hindi sumasaklaw sa mga pagbabago sa sasakyan na itinuturing na pangkaraniwang gamit, mga pamantayang obligasyon sa sasakyan ng kalahok o may-ari ng sasakyan, o hindi direktang medikal o pag-aayos ng benepisyo. Wala rin itong tulong para makabili o maka-arkila ng sasakyan.



Mga Uri ng Pagbabago sa Sasakyan

1. **Mga tulong sa pagmamaneho at mga kontrol na inaangkop**
 - **Mga kontrol sa kamay:** Pagmamaniobra ng preno at pagpapabilis gamit ang kamay.
 - **Mga pantulong sa manibela:** mga spinner knob, palm grip, at nabawasang puwersa sa pagmamaniobra.
 - **Pagbabago sa pedal ng paa:** silinyador sa kaliwang paa at pinahabang pedal.
2. **Aksesibilidad para sa Wheelchair at Scooter**
 - **Mga pang-angat at rampa para sa wheelchair:** maaaring hydraulic o electric para mas madaling makapasok.
 - **Pagbabago sa sahig ng sasakyan:** nagbibigay ng mas maluwang na loob at mas mababang pasukan.
 - **Mga upuang naiiikot at naililipat:** tumutulong upang mas madali ang pagpasok at paglabas sa sasakyan.
3. **Pagpapahusay sa Pagpasok sa Sasakyan at Aksesibilidad**
 - **Mga sliding door na de-kuryente:** mas madaling makapasok at makalabas ang mga pasahero na may kahirapan sa paggalaw.
 - **Mga sistemang remote-controlled:** maaari mong buksan ang pinto, itaas ang rampa, at iba pa sa isang pindot lang.
 - **Awtomatikong pangkabit at pangsabit:** Pinapanatiling ligtas ang wheelchair nang hindi kailangan ng kamay.

Mga Pakinabang sa Pagbabago ng Sasakyan

- Pinapalakas ang kasarinlan at sariling kakayahan.
- Pahusayin ang aksesibilidad sa iyong sasakyan at komunidad.
- Pinasisigla nito ang pagtitiwala at kalidad ng buhay.

Sino ang Makikinabang?

- Ang **sinumang** nangangailangan ng mga solusyon na maaaring umangkop para sa ligtas at komportableng transportasyon.
- **Mga indibidwal** na may pisikal o kognitibong kapansanan.
- **Mga matatanda** na may problema sa paggalaw o kalusugan.

Pagkuha at Pagpopondo para sa Pagbabago ng Sasakyan

- Kailangan ng Pagtatasa ng Pagbabago sa Kapaligiran para sa anumang pagbabago sa sasakyan.
- Gagawin ang isang pagsusuri ng kakayahan ng kalahok upang matiyak ang kanyang **kalusugan, kapakanan, at kaligtasan**.
- Kalakip sa **Pagtatasang** pagkabahala sa kapaligiran sa isang lugar ang pagsusuri sa praktikal na pangangailangan, ang determinasyon ng paglalaan ng angkop na pagbabago ng sasakyan para sa kalahok, at ang pangangailangan para sa pagbabago upang matiyak ang pagiging episyente sa gastos.